ANG Malaking Lima

Pakete ng Komunidad • 2026-27

Agarang Pagkilos Emerhensiyang Tugon para sa Mga Paaralan

Coalition for Safe Schools & Communities

San Mateo County

SAN MATEO COUNTY OFFICE OF EDUCATION

KOMITE NG PAMAMAHALA (STEERING COMMITTEE)

KOMITE NG PAMAMAHALA NG KOALISYON PARA SA LIGTAS NA MGA PAARALAN AT KOMUNIDAD

AHENSIYA/DISTRITO	KINATAWAN	POSISYON/TITULO
Behavioral Health and Recovery Services	Jei Africa	Direktor
Burlingame School District	Don Scatena	Deputy Superintendent, Student Support Services
City of San Mateo Police Department	Ed Barberini	Hepe
Department of Emergency Management	TBD	TBD
Jefferson Union High School District	Dorene Basuino	Associate Superintendent, Human Resources & Student Services
Office of Supervisor Jackie Speier	Katrina Rill	Chief of Staff
Office of Supervisor Noelia Corzo	Christina Falla	Legislative Aide
San Mateo Consolidated Fire	Jennifer Mecham	Fire Investigator and Youth Fire Interventionist
San Mateo County Attorney's Office	Lisa Cho	County Deputy Attorney
San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services	Shirley Chu	Clinical Services Manager
San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services	Ziomara Ochoa	Deputy Director
San Mateo County Board of Supervisors	Noelia Corzo	Supervisor
San Mateo County Children and Family Services	John Fong	Direktor
San Mateo County Community College District	Brian Tupper	Direktor and Chief of Public Safety
San Mateo County District Attorney's Office	Nadia Hahn	Deputy District Attorney
San Mateo County Executive's Office	Linda Wolin	Assistant
San Mateo County Human Services Agency	Claire Cunningham	Direkktor ng Ahensya
San Mateo County Office of Education	Becky Stephan	Coordinator, School Safety and Student Supports
San Mateo County Office of Education	Ian Bain	Executive Director, Strategy and Communications
San Mateo County Office of Education	Kristen Shouse	Associate Superintendent, Educational Services
San Mateo County Office of Education	Valerie Arbizu	Executive Director, Safe and Supportive Schools
San Mateo County Office of Education	Mason Henricks	Coordinator, School Safety and Risk Prevention
San Mateo County Office of Education	Marco Chávez	County Superintendent of Schools
San Mateo County Probation Office	Jehan Clark	Deputy Chief Probation Officer
San Mateo County Schools Insurance Group	Tom Ledda	Manager, Workers Compensation and Loss Control
San Mateo County Superintendents Association	Kristen Gracia	Superintendent, Menlo Park City School District
Sequoia Union High School District	Jarrett Dooley	Direktor, Student Services

KABUUANG PANANAW

2026-2027 KABUUANG PANANAW

Ang Malaking Lima na protokol ay nagbibigay ng nakabahaging pag-unawa ng emerhensiyang tugon gamit ang karaniwang wika sa lahat ng 23 distrito ng paaralan ng San Mateo County, maraming pribado at independendiyenteng paaralan, at 20 munisipilidad at mga kasosyo sa pampublikong kaligtasan.

Unang inilabas noong 2014 pagkatapos ng isang taong proseso ng pagbuo na kinasasangkutan ng mga eksperto sa edukasyon, pagpapatupad ng batas, bumbero, pampublikong kalusugan, batas, gobyerno, at mga organisasyong batay sa komunidad, ibinabalangkas ng Malaking Lima ang limang agarang aksyon na dapat ipatupad sa anumang emerhensiya. Ang Malaking Lima na tugong pagkilos ay Sumilong sa Loob; Dumapa, Magtakip, at Kumapit; Ligtas na Kampus; Lockdown/ Barikada; at Paglikas.

Ang Malaking Lima ay nasa ilalim ng patuloy na pagsusuri ng multidisiplinaryo na Komite ng Pamamahala ng Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad ng San Mateo County (Ang Koalisyon). Regular na nagpupulong ang Komite ng Pamamahala upang bumuo, magpalakas, at mapanatili ang mga ugnayan, suriin ang mga aktibidad, suriin ang mga umuusbong na mga trend at paghamon, at magbiagay ng rekomendasyon.

Bukod sa Malaking Lima, ang matatag na portfolio ng Koalisyon ng mga kagamitan para sa kaligtasan (kagamitang pangkaligtasan) ng nagsanib ang mga sumusunod: Ang Malaking Lima na Lesson Plan K-12; Pagtatasa ng Banta sa Mag-aaral; Pag-iwas sa Pagpapakamatay, Pakikialam (Intervention), at Postvention na Protokol; Protokol sa Sekswal na Pang-aabuso ng Bata; Komersyal na Sekswal na Pagsasamantala sa mga Bata [Commercial Sexual Exploitation of Children (CSEC)] at Protokol sa Pangangalakal ng Tao para sa mga Tagapagturo, Toolkit ng Naloxone para sa mga Paaralan, Mga Komprehensibong Plano para sa Kaligtasan ng Paaralan: Gabay sa Pagpaplano ng Paaralan (School Planning Guide), Gabay sa Pagtugon sa mga Banta ng Karahasan sa mga Paaralan, Gabay sa Inklusibong Praktis at Kaalaman sa Trauma, Gabay sa Pagpapauwi ng Mag-aaral para sa mga Paaralan, at Protokol sa Pagtugon sa Panganib. Bago para sa 2026-2027, pinalawak ang Pagtugon sa Panganib (Hazard Responses) upang isama ang mga gabay para sa Sunog sa Kagubatan para sa mga paaralan. Ang Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad ng San Mateo County ay patuloy na nagbibigay ng teknikal na suporta sa mga paaralan sa loob ng San Mateo County at sa ibang mga Tanggapan ng Edukasyon ng County na nagnanais na ipatupad ang Malaking Lima at/o mga Protokol sa Pagtatasa ng Banta ng Mag-aaral.

Ang Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad ay nanatiling nakatuon sa aming pananaw na lumikha at mapanatili ang ligtas at positinong kapaligiran sa paaralan at komunidad upang ang lahat ng kabataan at umunlad at magtagumpay.

TALAAN NG NILALAMAN

TALAAN NG NILALAMAN

KOALISYON PARA SA LIGTAS NA PAARALAN AT KOMUNIDAD NG SAN MATEO COUNTY: KOMITE NG PAMAMAHALA ii

PAUNANG SALITA iii

MANGGAGAWA NG SERBISYONG PANGKALAMIDAD 1

PAGTAWAG SA 911 2

MGA INKLUSIBONG KASANAYAN 3

MABILISANG PAG-IISIP 4

- SUMILONG SA LOOB 5
- DUMAPA, MAGTAKIP, AT KUMAPIT 6
- LIGTAS NA KAMPUS 8
- LOCKDOWN / BARIKADA 10
- PAGLIKAS 13

SERVICE WORKER PARA SA SAKUNA

Sinasaad sa Kodigo ng Pamahalaan ng California, Seksyon 3100, Titulo 1, Dibisyon 4, Kabanata 4 na ang mga pampublikong empleyado ay mga Manggagawa ng Serbisyong Pangkalamidad at sasailalim sa mga nasabing aktibidad sa pagtugon ng sakuna at maaaring iatas ng kanilang mga nakakataas o mga kumander ng serbisyo sa emerhensiya. Kasama sa terminong "pampublikong empleyado" ang lahat ng taong nagtatrabaho sa estado o anumang county, lungsod, ahensya ng estado o pampublikong distridto. Mailalapat ang batas sa mga sumusunod na kaso:

- Kapag idineklara na ang isang lokal ay nasa emerhensiya
- Kapag idineklara ang isang estado ng emerhensiya
- Kapag nagkaroon ng pederal na deklarasyon ng kalamidad

ANO ANG GINAGAWA NG ISANG MANGGAGAWA NG SERBISYONG PANGKALAMIDAD?

- Ang mga pampublikong empleyado na nagsisilbi bilang mga Manggagawa ng Serbisyong Pankalamidad ay maaaring atasan na gumawa ng mga gawaing labas sa kanilang karaniwang tungkulin sa mga panahong lagpas sa normal na oras ng trabaho.
- Maaaring i-skedyul ang mga empleyado sa salit-salitang oras at atasan na bumalik sa lugar ng trabaho sa mga oras na labas sa normal na araw ng trabaho.
- Ang mga Manggagawa ng Serbisyong ay ide-deploy sa loob ng Sistema ng Pamamahala sa Insidente at maaaring gumanap ng iba't ibang tungkulin kabilang ang pangangasiwa sa pangangalaga ng tirahan, komunikasyon, logistik, pangunang lunas at ginhawa, o suporta at kaligtasan ng komunidad.
- Kapag itinalaga na magserbisyo sa sakuna, ang saklaw ng Workers Compensation ng mga empleyado ay magiging reponsibilidadng pamahalaan ng Estado (OES), pero ang employer ang magbabayad ng overtime. Mailalapat lamang ang sirkumstansyang ito kapag nagdeklara ng local o pang-estadong emerhensiya.

Upang makapagbigay ng epektibong suporta bilang Manggagawa ng Serbisyong Pangkalamidad, ang mga empleyado ay dapat may kumpiyansa na ang kanilang sariling pamilya ay handang-handa na harapin ang mga emerhensiya kapag wala sila. Ang oras at lakas na inilalaan ng isang kawani na maging handa sa bahay ay magbibigay ng pinakamahusay na katiyakan na kaya nilang harapin ang mga sitwasyong pangemerhensiya sa paaralan/lugar ng trabaho.

PAGTAWAG SA 911

Ang pagtugon ay ang proseso ng pagsasagawa ng mga angkop na hakbang may emerhensiyang sitwasyon. sa yugtomg ito, pinakikilos ng mga paaralan ang mga kinakailangan mapagkukunan upang matugunan ang malapit na emerhensiya. Maaaring kasama dito ang pagtawag o pag-text sa 911.

Kapag tumatawag sa 911, maging handa na manatili sa telepono at sumagot sa mga partikular na tanong. Upang makumpleto ang isang tumpak na pagtatasa ng sitwasyon, dapat kumuha ang 911 Dispatser ng maraming impormasyon hangga't maaari upang pinakamahusay na ipaalam sa mga tumutugon sa emerhensiya at makipag-ugnayan sa naaangkop na antas ng medikal na pagtugon.

KAPAG NAG-UULAT NG ISANG EMERHENSIYA:

- Manatiling kalmado at magsalita nang dahan-dahan at malinaw
- Maging handa na magbigay ng pangalan, lokasyon ng insidente, at lokasyon ng tumatawag, kung iba sa pinangyarihan ng emerhensiya
- Bagama't maaaring ilipat kaagad ang impormasyon ng caller ID sa 911 Dispatser, hindi ito magagamit sa lahat ng lugar. Kukumpirmahin at beberipikahin ng 911 Dispatser ang numero ng telepono at address para sa bawat tawag na matatanggap.
- Sagutin ang lahat ng tanong ng 911 Dispatser, kahit na ang mga ito ay tila paulit-ulit.
- Huwag ibaba ang telepono hangga't hindi sinasabi ng tagapaghatid.

PAGTAWAG SA 911 MULA SA CELL PHONE:

- Ang mga tawag sa cellphone sa 911 ay kadalasang ipinapadala sa isang punto ng pagsagot sa 911 batay sa saklaw ng radyo ng cell. Hindi palaging tumutugma ang mga lugar ng saklaw ng cell sa mga hangganan ng lungsod.
- Alamin ang numero ng iyong cellphone at maging handa na ibigay ang eksaktong address sa dispatser.

PAG-TEXT SA 911:

Ang pag-text sa 911 ay ang kakayahang magpadala ng text message para makipag-ugnayan sa mga tumatanggap ng tawag na pang-emerhensiya sa 911 mula sa iyong mobile phone o aparato. Gayunpaman, dahil kasalukuyang limitado lamang sa ilang partikular ng lokasyon ang pag-text sa 911, palaging tumawag sa 911 sa oras ng emerhensiya hangga't maaari. Tumawag kung kaya mo. Mag-text kung hindi mo kaya.

Kapag tumatawag sa 911, mahalaga ang oras. Manatiling kalmado; magsalita ng dahan-dahan at malinaw. Kailangang makuha ng 911 Dispatcher ang tamang impormasyon sa unang pagkakataon na hingin nila ito.

MGA INKLUSIBONG KASANAYAN

Inililista ng seksyong ito ang mga inklusibong kasanayan na maaaring gamitin upang tulungan ang mga mag-aaral na may pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan, kognitibo, pag-unlad, pandama, at ambulatoryo.

- Ang mga pangangailangn ng mga mag-aaral ay iba-iba depende sa indibidwal na mag-aaral.
- Mahalagang magpakita ng kumpiyansa at kakayahan sa panahon ng isang pangkaligtasang dril o insidente ng emerhensiya
- Kailangan malaman ng lahat ng mag-aaral na ayos lang na matakot, malungkot, magalit, o mag-alala sa panahon ng isang emerhensiyang insidente at hikayatin silang pag-usapan ang kanilang nararamdaman o nararanasan.
- Isaalang-alang ang paggawa ng Indibidwal na Plano para sa Emerhensiya para sa bawat mag-aaral.

Para sa mga mag-aaral na may natatanging pangangailangan, isaalang-alang ang paggawa ng Indibidwal na Planong Pang-emerhensiya para sa bawat mag-aaral.

MABILISANG PAG-IISIP

Sa panahon ng emerhensiya, ang mabilis na pag-iisip ay mahalaga para sa kaligtasan. Sa panahon ng krisis, dapat mabilis na mag-isip ang indibidwal upang matukoy ang pinakamahusay na kurso ng aksyon. Maaaring kabilang sa mga pagpipiliang ito ang:

- Umalis sa kampus
- Magtago
- Mag- Lockdown/Barikada
- Protektahan/ipagtanggol ang sarili laban sa isang umaatake sa pinakamatinding sitwasyon

Ang pag-unawa at pagsasagawa ng mga opsyong ito ay makakatulong sa isang indibidwal na tumugon nang may determinasyon at sa paggawa nito, mas masisiguro ang kaligtasan ng sarili at ng iba.

Kung sakaling may Marahas na Nanghihimasok sa kampus sa kampus, asahang makarinig ng ingay mula sa mga alarma, putok ng baril, pagsabog, at sigawan. Hindi karaniwan para sa mga taong nakakaranas ng isang mapanganib na sitwasyon na unang itanggi o bigyang-katwiran ang posibleng panganib sa halip na tumugon. Ang de-kalidad na pagsasanay ay makakatulong sa mga indibidwal na mag-sip nang malinaw at mabilis sa panahon ng magulong eksena. Dapat kasama sa wastong pagsasanay ang pagtulong sa mga kawani na makilala ang mga tunog ng panganib. Sanayin ang mga kawani at mag-aaral na kumilos nang may determinasyon at manatiling may kakayahang gumalaw na nababagay sa sitwasyon gamit ang isang “mabilisang pag-iisip” na pamamaraan.

TUMINGIN, MAKINIG AT UMALIS: ALARMA SA SUNOG

Ang protocol na **TUMINGIN, MAKINIG, AT UMALIS** ay isang importanteng aksyon na dapat gawin sa pagsasanay ng kakayahang “mabilisang pag-iisip”. Sa pagtunog ng alarma ng sunog, ang kawani at mga ibang namumuno ay dapat maglaan ng sandal ang mga kawani at iba pang mga lider upang masuri ang pinangyarihan bago lumikas. Ang tatlong hakbang ng **TUMINGIN, MAKINIG AT UMALIS** ay:

- **TINGAN** - buksan ang pintuan ng silid-aralanat tumingin sa labas? May nakikita o naaamoy ka bang usok o sunog? Ang daan ba patungo sa paunang planong lugar ng paglikas ay walang hadlang? May napapansin ka bang kakaiba?
- **MAKINIG** - bukod sa alarma, mayroon pa bang ibang mga tunog? May naririnig ka ba na nagpapahiwatig na hindi ligtas lumabas ng silid (mga pagsabog, mga boses na dulot ng pagkataranta, putok ng baril)?
- **UMALIS** - kapag natiyak nang ligtas na gawin ito, idirekta ang mga mag-aaral na lumabas ng silid patungo sa paunang nakatukoy na lugar ng paglikas.

AGARANG AKSYON NA PAGTUGON: ANG MALAKING LIMA

Ang Malaking Lima ay isang pangkat ng mga Agarang Aksyon na Pagtugon na nilayong ipatupad nang mabilis sa anumang iba't ibang sitwasyon ng emerhensiya. Kapag may nangyaring emerhensiya, mahalaga na ang mga miyembro ng kawani ay magsagawa ng mga agarang hakbang para protektahan ang kanilang sarili, kanilang mga mag-aaral, at ibang mga tao sa kampus.

Dapat maging pamilyar ang mga kawani sa bawat Agarang Aksyon na Pagtugon at maging handa na gampanan ang mga nakatalagang responsibilidad. Dapat din turuan ang lahat ng mag-aaral kung paano ipatupad ang bawat isa sa mga protokol ng Malaking Lima.

ANG AGARANG AKSYON NA PAGTUGON NG MALAKING LIMA

ANG MALAKING LIMANG AKSYON	KAILAN	ANO
SUMILONG SA LOOB	Mga panganib sa kapaligiran, mapanganib na kalidad ng hangin dahil sa usok o sa iba pang mga kontaminante, sunog sa labas ng lugar, mapanganib na hayop sa lugar, o masamang panahon	Para sa mga panlabas na banta sa kapaligiran, mga medikal na emerhensiya, o mga babala ng tsunami (sa labas ng sona ng panganib) Maaaring kabilang sa mga aksyon ang pagsara ng mga bintana, pagtakip ng mga bentilasyon, at pagpatay ng mga sistema ng HVAC.
DUMAPA, MAGTAKIP AT KUMAPIT	Lindol, pagsabog o nahuhulog na mga bagay	Protektahan ang mga mag-aaral at kawani mula sa mga nahuhulog na bagay, dumapa sa sahig, magtakip sa ilalim ng matibay na kasangkapan, at kumapit nang mahigpit.
LIGTAS NA KAMPUS	Potensyal na banta ng karahasan sa nakapalibot na komunidad at/o aktibidad ng pulisya sa labas ng kampus at mga kalapit na lugar.	Para sa mga posibleng banta ng karahasan na malapit Bumalilk sa nakatalagang silid-aralan. Isara at ikandado ang lahat ng pinto Manatili sa loob at ipagpatuloy ang pag-aaral.
LOCKDOWN/ BARIKADA	Marahas na nanghihimasok sa kampus.	Agad na manatiling ligtas sa loob Kapag nasa loob na, ikandado at barikadahan ang lahat ng mga pinto. Takpan ang mga bintana at patayin ang mga ilaw. Manatiling tahimk at alerto . Walang sinuman ang pinapayagang pumasok o lumabas sa anumang kadahilanan maliban kung direktiba mula sa mga tagapagpatupad ng batas.
PAGLIKAS	Pagbanta ng bomba, pagtagas ng kemikal/gas,sunog sa loob ng gusali o kalapit na lugar alerto sa masamang panahon, pagkatapos ng lindol o pagsabog, o kapag nagpapatupad ng Pagpapalabas ng Mag-aaral/Muling Pagsasama	Gamitin ang protokol "Tumingin, Makinig, at Umalis". Kapag tiyak nang ligtas lumabas ng gusali, gabayan ang mga mag-aaral at kawani ng paaralan mula sa mga gusali.patungo sa itinakdang lugar.

SUMILONG SA LOOB

Ang **SUMILONG SA LOOB** aay ipinapatupad upang ihiwalay ang mga mag-aaral at kawani mula sa panlabas na kapaligiran at maiwasan ang pagkakalantad sa mga kontaminadong nasa hangin o mga banta na dulot ng mga mapanganib na hayop o iba pang panganib sa kapaligiran. Ang mga pamamaraan ay maaaring mangailangan ng pagsasara at pagtatakip ng mga pinto, bintana at mga bentilasyon; pagpatay sa sistema ng pagpapainit, bentilasyon, at air conditioning upang maiwasan ang pagkakalantad sa hangin sa labas; at patayin ang mga ilaw.

Ginagamit din ang **SUMILONG SA LOOB** sa panahon ng medikal na emerhensiya tulad ng cardiac arrest o iba pang katulad na emerhensiya na nagbabanta sa buhay para mapanatili ang pagka pribado at matiyak na walang sagabal papunta sa indibidwal ng mga tauhan ng emerhensiya.

Ang **SUMILONG SA LOOB** ay itinuturing na angkop para sa, ngunit hind limitado sa, mga sumusunod na uri ng emerhensiya.

- Pagtagas ng kemikal
- Sunog sa komunidad
- Natapon na delikadong materyal
- Hindi mabuti sa kalusugan na kalidad ng hangin sa labas
- Mga hayop sa loob o malapit sa kampus na nagdudulot ng panganib
- Malakas na hangin o masamang panahon
- Buhawi
- Sunami - dilaw at berdeng sona
- Medikal na emerhensiya

Ang Sumilong sa Loob na pagtugon ay maaaring kailanganin na patayin ang HVAC na Sistema upang magbigay ng proteksyon mula sa hangin sa labas. Ang mga mag-aaral at mga kawani ay maaaring gumalaw sa loob ng gusali, subalit walang dapat umalis sa protektadong espasyo hanggang hindi sinasabi ng mga opisyal ng sunog, nagpapatupad ng batas o tagapangasiwa ng lugar.

SUMILONG SA LOOB:

- Maaaring kailanganing patayin agad ang lahat ng Sistema ng pagpapainit, air conditioning, at bentilasyon, depende sa panganib
- Maaaring kailanganing patayin ang lahat ng pilot light at pinagmulan ng apoy
- Maaaring kailanganing takpan ang anumang mga puwang sa paligid ng mga pinto at bintana
- Nagbibigay-daan sa malayang paggalaw sa loob ng mga silid-aralan o opisina

DUMAPA, MAGTAKIP AT KUMAPIT

DUMAPA, MAGTAKIP AT KUMAPIT ay agarang aksyon sa ganap ng lindol o pagsabog at pag-protekta sa mga mag-aaral at mga kawani sa mga lumilipad at nahuhulog na mga bagay. Ito ang angkop na aksyon, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na uri ng emerhensiya:

- Lindol
- Pagsabog

Sa kaganapan ng pagsabog, lindol, o iba pang kaganapan na magdulot ng pagbagsak ng mga labi, kaagad "DUMAPA, MAGTAKIP, AT KUMAPIT." Ang mga mag-aaral at kawani ay dapat dumapa sa sahig, magtafosa ilalim ng matibay na mesa o mesa, takpan ang ulo ng mga braso at kamay, at humawak sa mga kasangkapan. Talikuran ang mga bintana para malayo sa nababasag na salamin. Ang mga indibidwal na naka-wheelchair ay makakapag-secure laban sa panloob na dingding at i-kandado ng mga gulong. Protektahan ang ulo sa pamamagitan ng pagtatakip ng mga braso kung maaari.

DUMAPA, MAGTAKIP AT KUMAPIT:

- Kailangan sanayin para sa agaran at awtomatikong pagtugon
- Ang nag-iisang pinaka-nakakatulong na aksyon upang maprotektahan mula sa pinsala ng lindol
- Sa kaganapan na imposibleng magtago sa ilalim ng matibay na kasangkapan, patuloy na takpan ang mukha at ulo gamit ang bisig at kumapit sa kahit na anong matibay
- Karamihan sa mga pinsala tuwing may lindol ay dulot ng nababasag na salamin o mga bagay na nahuhulog
- Maaaring tumunog ang mga alarma ng sunog at gumana ang mga sistema ng patubigan sa mga gusali habang may lindol, kahit na walang sunog
- Manatiling maging alerto sa susunod na pagyanig
- Tulungan ang mga may espesyal na pangangailangan para masiguradong ligtas ang lahat
- Lumikas lamang kung may pinsala ang gusali, nasusunog ang gusali o lokasyon ay nasa pook ng sunami

LIGTAS NA KAMPUS

Ang **LIGTAS NA CAMPUS** ay ipinapatupad kung ang banta ng karahasan o pagkilos ng pulisya sa komunidad ay nangangailangan ng maingat na hakbang upang masiguro ang kaligtasan ng mga kawani at mag-aaral. Kapag ang paaralan ay nasa **LIGTAS NA CAMPUS** ana estado, ang pagtuturo at/o aktibidad sa silid-aralan ay dapat magpatuloy at lahat ng mga mag-aaral at kawani ay mananatili sa loob habang may kaganapan, maliban sa mga mahahalagang pangangailangan. Maaaring isara ang mga panlabas na gate at iba pang pasukan/labasan (**HINDI NAKAKANDADO**) upang pigilan ang isang potensyal na salarin sa pagpasok sa bakuran ng paaralan.

Sa isang Ligtas na Kampus, ang Pangkat ng Pamumuno sa Insidente o mga kawaning itinalaga nito ay tutulong sa pag-alalay sa mga mag-aaral at kawani na maaaring kailangan lumabas ng silid-aralan para sa Mahahalagang Pangangailangan. Maaaring kasama sa Mahahalagang Pangangailangan ngunit hindi limitado sa sumusunod.

- Pagbabanyo/Toileting
- Medikal na Atensiyon/Tugon
- Kalusugan ng Pag-iisip/Mga Pangangailangan sa Kagalingan/Tugon

Ang **LIGTAS NA KAMPUS** ay itinuturing na angkop para sa, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na klase ng emerhensiya

- Potensyal na banta ng karahasan sa kalapit na komunidad
- Aktibidad ng nagpapatupad ng batas sa kalapit na komunidad
- Hindi kilalang banta na naka-target sa kampu

Ang **LIGTAS NA CAMPUS** na pagtugon ay maaaring itaas sa **LOCKDOWN / BARIKADA** kung kinakailangan ng mga pangyayari, kung saan ang pagtuturo ay agad na ititigil at susundin ng mga mga mag-aaral at kawani ang pamamaraang **LOCKDOWN/BARIKADA**.

Sa Ligatas na Kampus ay nagbibigay-daan sa pagtuturo na magpatuloy habang ang paaralan ay nagsasagawa ng mga aksyong pang-iwas sa kaganapan ng isang banta sa kapitbahayan sa paligid ng paaralan Ikandado lahat ng pintuan ng silid-aralan/opisina, isara lahat ng pasukan at labasan ng buong paaralan, at ipagpatuloy ang pagtuturo.

LIGTAS NA KAMPUS

LIGTAS NA KAMPUS:

- Nilalayon upang maiwasan ang pagpasok ng isang potensyal na banta na nasa komunidad sa kampus
- Itinataas ang kaligtasan ng paaralan habang pinahahalagahan ang oras ng pagtuturo
- Kinakailangan na ang lahat ng pinto sa labas ng silid-aralan/opisina ay naka-kandado at manatiling naka-kandado
- Nilalayon upang pigilan ang mga nanghihimasok na pumasok sa mga inookupahang lugar ng gusali
- Kinakailangan na manatili ang mga mag-aaral at mga kawani sa **LIGTAS NA KAMPUS** na estado hanggang ang **ALL CLEAR** ay ibinigay ng Kumander ng Insidente sa Paaralan (School Incident Commander)

LOCKDOWN / BARIKADA

Ang **LOCKDOWN / BARIKADA** ay ipinapatupad kapag ang napipintong banta ng karahasan o putok ng baril ay natukoy sa kampus o ang paaralan ay sinabihan ng nagpapatupad ng batas. Sa oras ng **LOCKDOWN / BARIKADA**, ang mga mag-aaral ay dapat palaging manatili sa nga itinalagang silid-aralan o naka lockdown sa lokasyon. Huwag lumikas hangga't hindi na-clear ng tagapagpatupad ng batas o administrador ng lugar. Ang tugon na ito ay itinuturing na angkop para sa, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na klase ng emerhensiya:

- Pagputok ng baril
- Banta ng matinding karahasan sa silid-aralan

Sa panahon ng **LOCKDOWN / BARIKADA**, tandaan na ang mga agarang kaligtasan mula sa marahas na nanghihimasok ay ang prayoridad at gumagabay sa lahat ng aksyon, higit sa lahat ng iba pang alalahanin.

Sa Lockdown/Barikada kinakailangan na isara at ikandado ang mga pintuan at barikadahan ito ng mabibigat na bagay. Walang sinuman ang maaaring pumasok o lumabas hangga't isa-isang nasuri ang mga silid ng nagpapatupad ng batas o Kumander ng Insidente ng Paaralan na magbubukas ng pintuan mula sa labas gamit ang mga susi.

LOCKDOWN / BARIKADA:

- Ay isang tugon sa isang agarang panganib; hindi ito pinangungunahan ng anumang babala
- Nangangailangan ng mabilis na pagkilos; ang isang aktibong namamaril, halimbawa, ay maaaring magpaputok ng isang round bawat segundo
- Nangangailangan ng pag-iisip ng sentido koumon sa ilalim ng banta; gawin ang dapat gawin upang pinakamahusay na matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani
- Kung posible na ligtas na makalabas ng kampus kasama ang mga mag-aaral, gawing agad ang aksyon na ito (Tumakas/Lumabas ng Kampus)
- Kung hindi posible na lumabas ng kampus, mabilis na mag-lockdown sa loob ng isang ligtas na silidat barikadahan ang pasukan (Magtago/ Lockdown/Barikada)
- Kapag na-secure na ang isang silid, walang sinuman ang pinapayagang pumasok o lumabas sa anumang pagkakataon
- Unahin ang malinaw na komunikasyon
- Sa matinding pagkakataon na ang Marahas na Manloloob ay nakapasok sa isang silid, ang mga umookupa ay dapat handa nang protektahan o depensahan sa anumang pamamaraang kailangan (Protektahan/ Depensahan)

LOCKDOWN / BARIKADA

MABILISANG PAG-IISIP

Sa kaganapan na may Marahas na Manloloob sa kampus, mahalaga ang mabilisang pag-iisip para mabuhay. Lalo na kapag mayroong aktibong banta ng karahasan, ang indibidwal ay dapat na mag-isip ng mabilis upang makapagdesisyon ng pinakamahusay na aksyon.

Sa kaganapan na may Marahas na Manloloob sa kampus, asahang makakarinig ng ingay galing sa alarma, putok ng baril, pagsabog, at sigawan. Karaniwan para sa mga taong humaharap sa bant ana unang itanggi ang posibleng panganib sa halip na tumugon. Ang de-kalidad na pagsasanay at makakatulong sa mga indibidwal na mag-isip nang malinaw sa panahon ng magulong eksena. Dapat kasama sa wastong pagsasanay ang pagtulong sa mga kawani na makilala ang tunog ng panganib at turuan silang makipag-usap ng may dahas at gawin ang kinakailangan na aksyon.

Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang:

TUMAKAS / LUMABAS NG KAMPUS:

- Subukan lamang ito kung nakatitiyak ka na wala sa paligid ang (mga) suspek ay wala sa agarang paligid
- Ligtas na lumabas ng kampus; maghanap ng ligtas na lugar o lugar para sa pagtitipon
- Gabayan/hikayatin ang iba na maaaring makaharap mo sa dan upang sundan ka sa kaligtasan
- Agarang tumawag sa 911 upang iulat ang lokasyon at humingi ng serbisyong pang-emerhensiya kung kinakailangan
- Kapag nasa ligtas na lugar na – manatili doon

MAGTAGO / LOCKDOWN / BARIKADA:

- Umalis sa pasilyo; papasukin agad ang mga mag-aaral at kawani
- Kapag naka-lock at naka-barikada sa loob ng silid, sundin ang lahat ng protocol ng Lockdown/Barikada
- Sabihan ang lahat ng nasa silid na manatili at tumahimik; patayin/patahimikin ang cellphone
- Kung hindi makahanap ng mapagtataguan sa loob ng ligtas na silid, mabilis na maghanap ng mapagtataguan sa kampus

LOCKDOWN / BARIKADA

PROTEKTAHAN / DEPENSAHAN:

- Kung makaharap sa isang Marahas na Manloloob, bilang huling paraan, isaalang-alang ang pagtatangkang guluhin o pigilan sa pamamagitan ng agresibong puwersa o sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay sa kapaligiran tulad ng pang-apula ng apoy o silya
- May mga dokumentadong pagkakataon kung saan ang agresibong aksyon ng biktima ay nagresulta sa pagtigil ng umaatake
- Ang pagprotekta/depensa ay HINDI isang inaasahan, isa lamang itong opsyon para sa huling paraan ng pagtugon

TUMINGIN, MAKINIG AT UMALIS: ALARMA NG SUNOG

Kung tumunog ang alarma sa panahon ng Lockdown/Barikada, laging tumugon nang maingat at **TUMINGIN** at **MAKINIG** sa hindi pangkaraniwan o marahas na aktibidad bago simulant ang paglikas **UMALIS.**

- **TUMINGIN** - buksan ang pintuan ng silid at tumingin sa labas. May nakikita ka ba ng usok o sunog?Ang daan ba sa iyong napagplanuhang lugar ng paglikas ay walang hadlang? May napansin ka ba sa labas na hindi ordinaryo?
- **MAKINIG** - bilang karagdagan sa alarma, may iba pa bang tunog? May Naririnig ka bang anumang nagpapahiwatig na hindi ligtas umalis sa silid (mga pagsabog, mga natatarantang boses, ang pag diskarga ng sandata)?
- **UMALIS** - pagkatapos lamang matukoy na ligtas itong gawin, sabihan ang mga mag-aaral na lumabas ng silid at tumungo sa natukoy na lugar ng paglikas

PAGLIKAS

Ang **PAGLIKAS** ay ipinapatupad kapag ang kundisyon ay hindi na ligtas na manatili sa gusali. Ang aksyon na ito ay nagbibigay ng maayos na pagkilos ng mga mag-aaral at kawani sa ipinayong ruta mula sa loob ng gusali ng paaralan patungo sa isang itinalagang ligtas na lugar sa labas.

Ang **PAGLIKAS** ay itinuturing na angkop para sa, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na uri ng emerhensiya:

- Banta ng bomba
- Kemikal na aksidente
- Pagsabog o banta ng pagsabog
- Sunog
- Lindol

Sa kaganapan ng pagsabog, lindol, o iba pang kaganapan na sanhi ng pagbagsak ng mga bagay, ang **PAGLIKAS** ay pangungunahan ng protokol na **"DUMAPA, MAGTAKIP, at KUMAPIT".** Ang mga mag-aaral at mga kawani ay dapat na dumapa sa sahig, magtago sa ilalim ng mesa, takpan ang ulo ng braso at kamay, at kumapit sa kasangkapan.

MABILISANG PAG-IISIP:
TUMINGIN, MAKINIG AT UMALIS - ALARMA NG SUNOG

Bago lumikas, maglaan ng ilang sandali upang tumingin sa labas ng pinto para sa anumang potensyal na panganib. Makinig sa anumang hindi pangkaraniwan na maaaring magdulot ng panganib. Kapag natukoy na ang landas ay ligtas, lumikas sa opisina o silidaralan papunta sa itinalagang ligtas na lugar.

PAGLIKAS:

- Kailangan na lumabas mula sa gusali patungo sa isang itinalagang ligtas na lugar, sa kampus o lugar sa labas
- Maaaring kailanganin ng mga mag-aaral at kawani na umasa sa bus ng distrito para sa kanilang transportasyon
- Maaaring kailanganin ng mga kawani na lumabas gamit ang alternatibong ruta base sa pangyayari
- Kailangan na manatili ang mga mag-aaral sa mga nakatalagang guro maliban kung hindi ito maaari
- Kailangan na tulungan ng mga kawani at mga mag-aaral ang mga may espesyal na pangangailangan upang matiyak ang ligtas na paglabas ng lahat

PAGLIKAS

MGA RUTA NG PAGLIKAS:

Mag-ingat sa pagpili ng isang itinalagang lugar ng paglikas. Isaalang-alang kung walang sagabal sa ruta patungo sa lugar mula sa lahat ng bahagi ng kampus, at kung ito ay may sapat na layo kung sakaling may sunog o pagtagas ng gas, ngunit sapat ang lapit na pwedeng lakarin. Isaalang-alang din ang pagkakaroon ng maraming nakatalagang lugar ng paglikas kung sakali na ang isa ay mahadlangan o hindi ligtas sa oras ng emerhensiya. Tiyakin na mayroong isang malinaw, walang hadlang na daan sa kampus para sa mga sasakyang pang-emerhensiya. Siguraduhin na kasama ang paglikas sa (mga) itinalagang lugar bilang bahagi ng mga drils at pagsasanay.